	Republic of the Philippines Department of Education Region III – Central Luzon **SCHOOLS DIVISION OF PAMPANGA** High School Blvd. Brgy. Lourdes, City of San Fernando		Document Code: SDO-QF-OSDS-002 Revision: 00 Effectively date: 05-08-18
	Division Memorandum No. 293 s. 2018		Name of Office: CID

Para sa: Tagamasid Pampurok
Mga Guro sa Filipino at English, Punungguro sa Elementarya at Sekundarya

Mula sa: Punong Tagapamanihalang Pansangay

Layunin: **Paunang Pagsubok sa Pagsasagawa ng Binagong PHIL-IRI P.T. 2018-2019**

Petsa: Hulyo 10, 2018

---

1. Ipinababatid ng Opisinang ito ang pagsasagawa ng Paunang Pagsubok sa PHIL-IRI sa mga batang nasa Baitang 3 hanggang Baitang 7 sa Asignaturang Filipino at English.

2. Layunin nito na maitaas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya at sekundarya.

3. Higit sa lahat, layon ng gawaing ito na magkaroon ng "zero non-readers" sa asignaturang Filipino at English sa tulong ng mga interbensiyon at programa sa Pagbasa.

4. Isasagawa ang nasabing Pangkalahatang Pagtatasa sa Filipino at Group Screening Test in English mula Hulyo 16 hanggang Hulyo 31, 2018 sa oras ng asignaturang Filipino at English.

5. Ang e-copy at hard copy ng ulat sa Talaan ng Paaralan sa Pagbabasa (Summary of School Reading Profile) gamit ang **PHIL-IRI Form 2** (page 633 ng Manual) ay maaaring isumite mula sa ika-6 ng Agosto hanggang ika- 17 ng Agosto, 2018.

6. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na Pansangay.

LEONARDO D. ZAPANTA, Ed. D. CESO VI
Schools Division Superintendent

One DepEd... One Pampanga

	Republic of the Philippines Department of Education Region III – Central Luzon **SCHOOLS DIVISION OF PAMPANGA** High School Blvd. Brgy. Lourdes, City of San Fernando		Document Code: SDO-QF-OSDS-002 Revision: 00 Effectively date: 05-08-18
	Kuwentong "Ang Pagong at ang Matsing"		Name of Office: CID

Para sa: Tagamasid Pampurok
Mga Guro sa Filipino at Punungguro sa Elementarya

Mula sa: Punong Tagapamanihalang Pansangay

Layunin: **Pakikiisa sa Pagdiriwang ng Pambansang Araw ng mga Aklat Pambata**

Petsa: Hulyo 10, 2018

---

1. Tuwing ikatlong Martes ng buwan ng Hulyo ay ang paggunita sa Pambansang Araw ng mga Aklat-Pambata. Ito ay ang itinakdang araw sa pagkilala sa isinulat at iginuhit na aklat pambata ng ating pambansang bayaning si Dr. Jose Rizal na may pamagat na "Ang Pagong at ang Matsing" na unang inilathala sa *Trubner's Oriental Record* sa London noong Hulyo 1889. Ito ang kauna-unahang kinilalang aklat pang-literasi na nailathala sa nasabing bansa para sa mga bata ng isang Pilipinong manunulat.

2. Nais iparating ng sangay na ito ang ating pakikiisa sa paggunita sa pamamagitan ng paglalaan ng oras sa Proyektong DEAR (Drop Everything and Read) sa **ika-17 ng Hulyo, 2018** (ikatlong Martes ng buwan).

3. Iminimungkahi ang ganitong gawain; Babasahin ng guro ang impormasyon tungkol sa pagdiriwang. Maaaring pangunahan ng guro, punungguro o tagamasid pampurok ang pagbasa ng kuwento ni Dr. Jose Rizal. At pagkatapos ay isasagawa na ang Project DEAR na kung saan malaya ang mga bata na pumili ng kuwentong pambatang babasahin sa silid-aralan o silid-aklatan. Maaari po itong gawin sa oras ng asignaturang Filipino o kaya'y pagkatapos ng "Flag Raising Ceremony".

4. Sa gawaing ito mapapaigting ng mga guro sa bawat mag-aaral ang halaga ng pagbabasa at pagmamahal sa mga kuwentong pambatang Pilipino na sumusuporta rin sa isang aspekto na isinusulong ng Kurikulum K-12, ang kontekstwalisasyon o lokalisasyon.

5. Inaasahan ang inyong suporta at tugon sa adhikaing ito.

LEONARDO D. ZAPANTA, Ed.D., CESO VI
Punong Tagamanihalang Pansangay